



## Mga singil para sa pasilidad para sa mga outpatient ng ospital

Kung nakatanggap ka ng mga serbisyo bilang outpatient ng ospital, ikaw at/o ang iyong kumpanya ng insurance ay maaaring singilin para sa singil para sa pasilidad (facility fee), bukod sa singil ng doktor. Ang **singil para sa pasilidad**, na tinatawag ding teknikal na singil, ay sinisingil upang tustusan ang mga gastos sa paggawa at hindi paggawa (pagpapatakbo) ng ospital na may kinalaman sa iyong pagbisita.

Ang **singil para sa doktor**, na tinatawag ding propesyonal na singil, at sinisingil upang tustusan ang gastos ng doktor o iba pang medikal na propesyonal na nagkaloob ng serbisyo sa panahon ng iyong pagbisita. Kung ang mga parehong serbisyong ito ay ibinigay sa opisina ng doktor, ikaw at/o ang iyong kumpanya ng insurance ay masisingil para sa singil ng doktor na kasama ang parehong mga gastos sa paggawa at hindi-paggawa ng opisina ng doktor, at ang gastos sa paggawa ng doktor o iba pang medikal na propesyonal na nagkaloob ng mga serbisyo sa panahon ng iyong pagbisita. Itong singil ng doktor na saklaw ang lahat mula sa opisina ng doktor ay maaaring mas mababa kaysa sa kumbinasyon ng hiwalay na singil para sa pasilidad at singil para sa doktor para sa mga serbisyong natanggap bilang outpatient ng ospital.

Inaatasan ng Medicare ang mga ospital na hiwalay na singilin ang mga singil para sa pasilidad at doktor para sa mga serbisyo sa mga outpatient ng ospital. Para sa mga layunin ng paghahambing, ibinabalik ng Medicare ang mga ibinayad ng mga Ospital ng Hartford HealthCare para sa mga singil ng pasilidad sa loob ng mga sumusunod na saklaw: Hartford Hospital \$54.45-\$136.13, Windham Hospital \$55.56-\$138.91, Backus Hospital \$55.56-\$138.91, Charlotte Hungerford Hospital \$54.45-\$136.13, Hospital of Central Connecticut \$54.60-\$136.49, MidState Medical Center \$55.56-\$138.91 and St. Vincent's Medical Center \$57.50-\$143.75.

Mabibigyan ka ng iyong kumpanya ng insurance ng impormasyon tungkol sa kanilang reimbursement sa mga Ospital ng Hartford HealthCare para sa mga outpatient sa ospital.



Kung hindi mo mababayaran ang iyong bahagi ng singil para sa pasilidad na ito o anumang iba pang bahagi ng iyong singil, mangyaring makipag-ugnayan sa **1-860-696-6010** upang humiling ng pagbawas o mag-apply para sa pinansyal na tulong.

Ang ratio na ito ay kumakatawan sa aming kabuuang kita kumpara sa aming kabuuang gastos sa pagpapatakbo. Natatangi ang bawat entidad at magkakaiba para sa taon ng budget 2021 gaya ng nakalista sa ibaba:

### Ratio ng Gastos sa Singil para sa Taon ng budget 2021

Hartford Hospital	36%
Hospital of Central Connecticut	32%
MidState Medical Center	35%
William Backus Hospital	32%
Windham Hospital	37%
Charlotte Hungerford Hospital	36%
St. Vincent's Medical Center	34%
Hartford HealthCare at Home	85%